

GRADE 2

# Leveled Reader in Filipino


# Ang Hangin at ang Saranggola




Kuwento nina Suzanne Simard at Ani Rosa Almario
Guhit ni Hannah Manaligod




Nakatira sa isla si Kiko. Kapag malumanay ang ihip ng hangin, naglalayag sa dagat ang mga mangingisda. Humuhuli sila ng isda para may makain ang mga tao sa baryo.




Tuwing umaga,
nagpapalipad ng saranggola
ang lolo ni Kiko.
Sa tulong ng saranggola,
nalalaman niya kung
maaaring pumalaot ang mga
mangingisda.



Kapag malakas ang ihip ng hangin, hindi na tumutuloy ang mga mangingisda. Inaayos na lang nila ang kanilang mga bangka at lambat.



Sa araw na ito, maysakit ang lolo ni Kiko. Hindi siya makapapagpalipad ng saranggola. Gustong tumuloy sa dagat ng mga mangingisda dahil hindi naman makulimlim ang langit. At mukhang mahina naman ang ihip ng hangin.




Naghahanda pa lang
maglayag ang mga
mangingisda nang may
narinig silang sigaw:
“Pakinggan ninyo ang kaluskos
ng mga dahon, hindi ba’t
malakas ang ihip ng hangin?”
“Oo nga,” sabi ng lahat.



May nagsabing: "Tingnan ninyo ang sumasayaw na apoy, hindi ba't malakas ang ihip ng hangin?"

"Oo nga," sabi ng lahat.




May nagsabing: “Tingnan ninyo ang pagkaway ng watawat, hindi ba’t malakas ang ihip ng hangin?”
“Oo nga,” sabi ng lahat.



May nagsabing: “Tingnan ninyo ang malalaking alon sa dagat, hindi ba’t malakas ang ihip ng hangin?”
“Oo nga,” sabi ng lahat.



Hindi naglayag sa dagat ang mga mangingisda sa araw na ito. Sang-ayon ang lahat na totoo ngang malakas ang hangin.



“Buti na lang di tayo pumalaot,” sabi ng mga mangingisda.
“Kailangan nating makinig sa kalikasan,” sabi ni Kiko.

KAGAWARAN NG EDUKASYON
REPUBLIKA NG PILIPINAS

UNITED STATES AGENCY INTERNATIONAL DEVELOPMENT
USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE